

PAANO MAGREPORT NG KRIMEN

Ang pagrereport ng nagawang krimen laban sa iyo o sa ibang tao ay isang mahalagang bahagi sa pagtulong upang mapanatiling ligtas ang iyong sarili, ang iyong mga mahal sa buhay at ang iyong komunidad. Kung mayroon kang impormasyon tungkol sa isang krimen na nagawa na o maaaring gawin o tungkol sa taong kasangkot sa paggawa ng isang krimen, ang iyong impormasyon ay maaaring makatulong sa mga pulis na malutas ang krimen at maiwasan ang pangyayari ng mga krimen sa hinaharap.

Maaari kang magreport ng krimen ng personal, sa telepono at online. Depende sa pangangailangan, piliin ang paraang pinakaangkop sa iyong sitwasyon at sa tingin mo pinakamainam.

911

- Mga emerhensiya o mga krimen na kasalukuyang nangyayari

Citizen Online Police Report System (www.calgarypolice.ca)

- Nawalang Ari-arian o Pagnanakaw nang mababa sa \$ 5,000 (maliban sa mga baril, plaka ng lisensya o mga pondo o ID na inisyu ng gobyerno)
- Pinsala / Kasiraan sa Ari-arian o Sasakyan nang mababa sa \$ 5000
- Pagnanakaw mula sa Sasakyan nang mababa sa \$ 5,000.

(403) 266-1234

- Lahat ng iba pang mga krimen ay dapat na inireport sa pamamagitan ng pagtawag sa di-emerhensiyang linya sa (403) 266-1234 o sa pamamagitan ng pagbisita sa isang district office.
- Ang Calgary Police Service ay hinihikayat ang mga Calgarians na i-report ang lahat ng krimen, upang matukoy ang mga trend at mas mahusay na maidirekta nila ang kanilang mga patrol.

District Office

- Lahat ng iba pang mga krimen ay dapat na inireport sa pamamagitan ng pagtawag sa di-emerhensiyang linya sa (403) 266-1234 o sa pamamagitan ng pagbisita sa isang district office.
- Ang Calgary Police Service ay hinihikayat ang mga Calgarians na i-report ang lahat ng krimen, upang matukoy ang mga trend at mas mahusay na maidirekta nila ang kanilang mga patrol.

Drug Tip Line (403) 428-8100

- Ang Calgary Police Service ay tumatanggap ng mga tawag mula sa mga tao na nais na magreport ng krimen na may kinalaman sa droga at nais na mananatiling ganap na hindi makikilala.
- Ang Drug Tip Line ay isang paraan na maaaring makatulong sa pulis ang mga mamamayan sa pamamagitan ng pagbibigay impormasyon at hindi kailangan na magpakilala ng kanilang mga sarili o tumestigo sa korte.

Crime Stoppers Tip Line 1 800 222-8477

- Ang Crime Stoppers ay isang non-profit na organisasyon na tumatanggap ng tawag mula sa mga tao na gustong mag-report ng isang krimen at nais na mananatiling ganap na hindi makikilala.

311

- Mag-report ng bandalismo